# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II
## Yunit III
## Modyul Blg. 13

# *Hanggang Saan Ang Hangganan?*

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

*At nilikha ng Diyos ang tao na kawangis Niya, mula sa kanyang larawan nilikha niya; lalaki at babae nilikha niya sila.*

*Genesis 1:27*

Ang lalaki at babae ay nilalang na mayroong mga likas na katangian ang bawat isa. Kung kaya ang bawat isa ay mayroong mga nakatakdang tungkulin at gampanin. Ang pagpapahalaga sa pagiging lalaki at babae ay mahalagang pagtuunan ng pansin upang makita ng mga hangganan ng kanilang pagkatao. Marahil ay masasabi mo sa iyong sarili, may hangganan nga ba ang pakikipagkapwa sa ating katapat na kasarian?

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

*LC 3.5 Natutukoy ang tamang hangganan ng pakikipagkapwa sa katapat na kasarian*

a. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pakikipagkapwa sa katapat na kasarian
b. Nakabubuo ng pamantayan ng wastong asal at gawi sa pakikitungo sa katapat na kasarian
c. Natutukoy ang mga gawaing makapagpapaunlad ng mabuting pakikitungo sa katapat na kasarian

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga II kahit hindi ka makapasok sa

paaralan nang regular. Upang lubos and iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin.

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Itala ang antas ng iyong pakikipagkapwa sa katapat na kasarian sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa tamang kolum.

| Pakikipagkapwa sa Katapat na Kasarian | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Gumagamit ng maayos ng mga salita sa pakikipag-usap sa katapat na kasarian. | | | |
| 2. Tinutupad ang mga tungkulin at gampanin bilang isang lalaki o isang babae. | | | |
| 3. Sinusunod ang mga payo ng nakatatanda ukol sa pakikitungo sa katapat na kasarian. | | | |
| 4. Sumasama sa mga lakarang magkasama ang lalaki at babae na alam at may permiso ng mga magulang. | | | |
| 5. Pinipili ang mga kaibigan sa katapat na kasarian. | | | |
| 6. Pinupuna ang hindi maayos na pakikitungo sa kapwa ng kaibigang lalaki o babae. | | | |
| 7. Iginagalang opinyon at saloobin ng kaibigang lalaki o babae. | | | |
| 8. Isinasabuhay ang virtue ng pagtitimpi sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian. | | | |
| 9. Iniiwasang sumama na mag-isa sa katapat na kasarian. | | | |
| 10. Isinasabuhay ang virtue ng chastity sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian | | | |

B. Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Ibigay ang titik na may tamang sagot.

1. Ano ang batayan ng mabuting ugnayan sa katapat na kasarian?
   a. Ang paggalang sa isa't isa
   b. Ang pakikipag-usap ukol sa sekswalidad
   c. Ang pagbibigay pansin sa kahinaan ng bawat isa
   d. Ang pagtulong sa kanyang pangangailangan

2. Ang kabataang nakikipag-ugnayan nang maayos sa katapat na kasarian ay masasabing:
   a. responsable siyang kabataan
   b. mayroon siyang tiwala sa sarili
   c. ganap ang kanyang pagkatao
   d. mabuti siyang tao

3. Ang dalawang pagpapahalagang dapat pairalin sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian?
   a. pagkamasayahin at mapagbigay
   b. pagiging matatag at mapagpasensiya
   c. pagtitimpi at kalinisan ng puri
   d. pagkamahinahon at pagiging palakaibigan

4. Upang maging mabuti ang relasyon at pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian, kailangang ito ay
   a. nagmamahalan sila ng tunay
   b. alam at may pahintulot ng mga magulang
   c. alam ng kanilang mga kaibigan
   d. hindi lumalabag sa mga panuntunan ng pakikipagrelasyon

5. Hindi madaling makipag-ugnayan sa katapat na kasarian lalo na sa mga kabataan dahil
   a. mapanganib ang makipag-ugnayan sa katapat na kasarian lalo na sa murang edad
   b. likas na mapusok ang mga kabataan
   c. mahirap makitungo sa katapat na kasarian
   d. likas na magkaiba ang lalaki at babae

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Panuto: Basahin ang kwento at sagutin ang tanong sa ibaba.



Sina Joel at Lorna

Magkababata sina Joel at Lorna. Palagi silang magkakasamang naglalaro ng iba pa nilang kasing-edad. Naging magkaklase sila mula elementarya.

Ngayon ay nasa ikalawang taon na sila sa paaralang sekundarya. Madalas pa rin silang sabay pumasok sa paaralan. Nagtutulungan din sila sa paggawa ng mga takdang aralin.

Subalit isang araw, nagtapat ng pag-ibig si Joel kay Lorna. Nagulat si Lorna kaya hindi siya nakasagot. Pagsapit ng gabi, sinabi niya ito sa kanyang mga magulang.

Kinabukasan, kinausap ng kanyang mga magulang si Joel. Ipinaliwanag sa kanya na wala pa sila sa hustong gulang upang maging seryoso sa kanilang relasyon. Pinagpayuhan nila ang dalawa na panatilihin ang kanilang pagkakaibigan. Upang maging maayos ang lahat, kinausap rin ng mga magulang ni Lorna ang mga magulang ni Joel. Nagkasundo silang lahat at naunawaan ito nina Joel at Lorna.

Magmula noon, nakipagkaibigan na rin sila sa iba pa nilang kasing-edad sa paaralan at sa kanilang barangay.



Sagutin Mo

1. Ano ang iyong natutunan sa kwento?
2. Bakit mahalagang panatilihin na lamang nina Joel at Lorna ang kanilang

## Gawain Blg. 2

Panuto: Bumuo ng mga pamantayan at wastong asal sa pakikitungo sa katapat na kasarian.

| Mga Pamantayan sa Pakikitungo sa Katapat na Kasarian | Mga Wastong Asal sa Pakikitungo sa Katapat na Kasarian |
|---|---|
| | |

Sagutin Mo

1. Bakit mahalagang sundin ang mga pamantayan sa pakikitungo sa katapat na kasarian?
2. Paano mo maisasabuhay ang mga wastong asal sa pakikitungo sa katapat na kasarian?

## Gawain Blg. 3

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon. Isulat kung ano ang dapat gawin ng pangunahing karakter sa sitwasyon.

1. Mahigpit ang mga magulang ni Melissa. Naniniwala silang kailangang bantayan nila ang kanilang nagdadalagang anak upang ito ay hindi makapag-asawa nang maaga katulad ng nangyari sa kanilang panganay na anak na si Mildred. Inihahatid siya sa paaralan sa umaga ng kanyang ama bago ito pumasok sa opisina. Sinusundo naman ng kanyang ina sa hapon. Hindi siya maaaring makipag-usap sa mga lalaki. Nais din ni Melissa na maranasan ang magkaroon ng maraming kaibigan. Ano ang maaaring gawin ni Melissa?

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

2. Sa tuwing nakikita ni Jeffrey ang kaklase niyang si Ampy ay natutuwa siya. Pakiramdam niya, humahanga siya sa kanya. Ngunit mahiyain si Jeffrey kaya idinaan na lamang niya sa pagsulat ang kanyang nararamdaman. Subalit nagalit sa kanya si Ampy. Sinabihan siyang mga bata pa sila dahil pareho lamang silang labintatlong taong gulang. Ayaw na siyang kausapin nito. Ano ang dapat gawin ni Jeffrey?

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

3. Sina Marian, Gina, Barbara, Ivan at Carlo ay magkakaibigan mula elementarya. Ngayong nasa ikalawang taon sa paaralang sekundarya, madalas pa rin silang magkakasama. Minsan pinagsabihan sila ng isa nilang kapitbahay na baka sila ay nagsisipagligawan na. Nagulat ang lima dahil sila ay tunay na magkakaiban lamang. Ano ang dapat nilang gawin upang hindi isipin ng kanilang kapitbahay na sila ay nagliligawan lamang?

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Panuto: Tapusin ang inumpisahang pangungusap.

1. Mula sa mga naging gawain, na mahalaga ang pakikipagkapwa sa katapat na kasarian dahil ______________________________

______________________________

______________________________

2. Ang mga pamantayan at asal sa pakikitungo sa kapwa ay dapat buuin upang ______________________________

______________________________

______________________________

3. ang mga gawaing makapagpapaunlad ng mabuting pakikitungo sa katapat na kasarian ______________________________

______________________________

______________________________

## IV. Pagpapatibay

### Ang Pakikipagkapwa sa Katapat na Kasarian

Ang mga lalaki ay mayroong mga katangiang likas lamang sa kanila. Gayundin ang mga babae. Mayroon ding mga tungkulin at gawaing natatangi lamang sa mga lalaki o mga babae. Ngunit kailangang maging komplementaryo ang papel ng lalaki at babae sa mundo. Ang lalaki at babae ay nilikha upang maging katuwang ng Diyos sa paglikha ng tao sa mundo. Gayundin, magkatulong ang lalaki at babae sa pagtataguyod ng pamilya bilang mga magulang. Kaya nararapat na maunawaan ng bawat isa ang kanilang kahinaan at kalakasan.

Ang pakikitungo sa katapat na kasarian ay bahagi ng pagpapaunlad ng personalidad at ating pagkatao. Subalit ang pagiging magkaibigan ng lalaki at babae ay kailangang manatili hanggang sila ay wala pa sa hustong gulang at kulang pa ang kahandaan para sa isang seryosong relasyon.

Sa makabagong panahon, dumarami ang mga tukso para sa mga kabataan na mapalapit sa isa't isa. Nariyan ang cellular phone na madaling magamit upang magkaroon ng malalim na ugnayan. Ang internet ay nagagamit din upang makakilala ng iba't ibang tao sa iba't ibang lugar. Subalit kailangan itong kontrolin upang hindi mauwi sa kapusukan ang lahat.

### Mga Virtue at Pagpapahalaga na Dapat Isabuhay sa Pakikitungo sa Katapat na Kasarian

Ang mga virtue na dapat isabuhay sa pakikitungo sa katapat na kasarian ay ang mga sumusunod:

1. Kalinisang ng puri (chastity) – Ang kalinisan ng puri ay maiuugnay sa maayos na integrasyon ng sekswalidad sa pagkatao. Mahirap isabuhay ang pagpapahalaga sa kalinisan ng puri ay mahirap isabuhay sa panahong ito. Subalit sa tulong ng lakas ispiritwal, maaaring mapaglabanan ang tukso. Ang apat na kaisipang kaugnay ng kalinisang puri ay ang una, ito ay maayos na pandamang sekswal; pangalawa, ito ang gabay sa positibong paglilingkod;

pangatlo, ito ay nag-aayos upang ang kilos at damdamin ay magbunga katiwasayan at hindi galit at pagsisisi; at pang-apat ito ay nagtuturo upang magkaroon ng pagtitimpi sa sarili, mapaglabanan ang tukso at pasubok.

2. Pagtitimpi (temperance) – Bagamat mahirap isabuhay ang virtue ng pagtitimpi dahil nasa edad ng kapusukan ang mga kabataan, kailangan itong pagsikapan upang mapanatili ang tamang katwiran at kaayusan. Ang pag-iwas sa tukso ay malaking hamon para sa mga kabataan. Kung mapaglalabanan mo ang tukso habang tinutupad mo ang iyong tungkulin bilang anak at mag-aaral, magiging mabuti ang iyong kinabukasan. Ang mga susunod pang tukso sa iyong buhay ay madali mo nang mapaglabanan.

## V. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Sumulat ng isang pangako sa sarili upang mapanatiling malinis ang puso at isip ukol sa pakikitungo sa kapwa lalo na sa katapat na kasarian.

Ang Aking Pangako

Ako si ______________________ ay nangangakong pananatilihin ang kalinisan ng aking puso at isipan sa pakikitungo sa aking kapwa lalo na sa katapat na kasarian sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng sumusunod na pagpapahalaga ____________________________________________

upang ____________________________________________.

Ipinapanalangin kong matupad ang mga pangako kong ito.

______________________ ______________________

Pangalan at Lagda Petsa

## VI. Gaano Ka Natuto?

A. Itala ang antas ng iyong pakikipagkapwa sa katapat na kasarian sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa tamang kolum.

| Pakikipagkapwa sa Katapat na Kasarian | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Gumagamit ng maayos ng mga salita sa pakikipag-usap sa katapat na kasarian. | | | |
| 2. Tinutupad ang mga tungkulin at gampanin bilang isang lalaki o isang babae. | | | |
| 3. Sinusunod ang mga payo ng nakatatanda ukol sa pakikitungo sa katapat na kasarian. | | | |
| 4. Sumasama sa mga lakarang magkasama ang lalaki at babae na alam at may permiso ng mga magulang. | | | |
| 5. Pinipili ang mga kaibigan sa katapat na kasarian. | | | |
| 6. Pinupuna ang hindi maayos na pakikitungo sa kapwa ng kaibigang lalaki o babae. | | | |
| 7. Iginagalang opinyon at saloobin ng kaibigang lalaki o babae. | | | |
| 8. Isinasabuhay ang virtue ng pagtitimpi sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian. | | | |
| 9. Iniiwasang sumama na mag-isa sa katapat na kasarian. | | | |
| 10. Isinasabuhay ang virtue ng chastity sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian | | | |

B. Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Ibigay ang titik na may tamang sagot.

1. Ano ang batayan ng mabuting ugnayan sa katapat na kasarian?
   a. Ang paggalang sa isa't isa
   b. Ang pakikipag-usap ukol sa sekswalidad
   c. Ang pagbibigay pansin sa kahinaan ng bawat isa
   d. Ang pagtulong sa kanyang pangangailangan

2. Ang kabataang nakikipag-ugnayan nang maayos sa katapat na kasarian ay masasabing:
   a. responsable siyang kabataan
   b. mayroon siyang tiwala sa sarili
   c. ganap ang kanyang pagkatao
   d. mabuti siyang tao

3. Ang dalawang pagpapahalagang dapat pairalin sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian?
   a. pagkamasayahin at mapagbigay
   b. pagiging matatag at mapagpasensiya
   c. pagtitimpi at kalinisan ng puri
   d. pagkamahinahon at pagiging palakaibigan

4. Upang maging mabuti ang relasyon at pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian, kailangang ito ay
   a. nagmamahalan sila ng tunay
   b. alam at may pahintulot ng mga magulang
   c. alam ng kanilang mga kaibigan
   d. hindi lumalabag sa mga panuntunan ng pakikipagrelasyon

5. Hindi madaling makipag-ugnayan sa katapat na kasarian lalo na sa mga kabataan dahil
   a. mapanganib ang makipag-ugnayan sa katapat na kasarian lalo na sa murang edad
   b. likas na mapusok ang mga kabataan
   c. mahirap makitungo sa katapat na kasarian
   d. likas na magkaiba ang lalaki at babae

## VIII. Mga Sangunian

Astorga, Ma. Christina A. (1995). Living the Faith Option: Christian Morality. Quezon City: FNB Educational Inc.

### Susi sa pagwawasto

Handa Ka na Ba?

A.

| Iskor | Antas ng antas ng pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |
|---|---|
| 21-30 | Mataas ang antas ng iyong pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng ng iyong pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |
| 0-10 | Mababa ang antas ng pagpapahalaga sa pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |

B.

1. a
2. b
3. c
4. b
5. b

Gaano Ka Natuto?

A.

| Iskor | Antas ng antas ng pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |
|---|---|
| 21-30 | Mataas ang antas ng iyong pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng ng iyong pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |
| 0-10 | Mababa ang antas ng pagpapahalaga sa pakikipagkapwa sa katapat na kasarian |

B.

1. a
2. b
3. c
4. b
5. b